



Kabanata 23: Mga Lokal at Internasyonal na Tawag

Kabilang sa mga pangunahing operator na nagkakaloob ng lokal na pirmihang linya at mga serbisyo ng telepono para sa loob at labas ng bansa ang Hong Kong Broadband Network, HGC Global Communications, HKT, SmarTone at WTT HK. Dagdag pa rito, maraming mga international telephone service provider na nagbibigay ng mga serbisyong pang-internasyonal na calling card. Ang mga pangunahing operator na nagkakaloob ng serbisyong mobile phone ay ang China Mobile Hong Kong, HKT, SmarTone at 3HK.

Makakatawag kayo nang lokal at sa loob at labas ng bansa mula sa mga pirmihang linya ng telepono sa tahanan o sa mga lugar ng negosyo at mula sa mga payphone sa iba't ibang mga lokasyon, halimbawa ay sa kalsada, sa airport at sa mga hotel. Makakatawag din kayo at makakatanggap ng tawag sa halos lahat ng lugar sa Hong Kong gamit ang mga serbisyong mobile phone na ipinagkakaloob ng mga lokal na mobile operator.

Mga lokal na tawag

Ang serbisyo ng naka-fix na linya ng telepono ay ibinibigay sa flat monthly charge kada linya na may unlimited na paggamit. Sa ibang salita, walang bayad na singil para sa mga indibidwal na lokal na voice call. Ang halaga ng lokal na tawag gamit ang payphone ay HK\$1 para sa bawat 5 minuto. Para sa mga serbisyong mobile na telepono, mga pre-paid na SIM card na inaalok ng mga lokal na mobile operator ay karaniwang mabibili sa kanilang mga retail shop at mga convenience store. Ang mga prepaid SIM card ay maaaring gamitin sa mga handset na nakakasunod sa standard ng 2G, 3G o 4G. Ang ibang mga operator ay nag-aalok din ng mga serbisyong handset rental para sa mga bisita.

Para sa naka-fix na linya at mga serbisyong mobile, mga tawag sa serbisyo ng emergency (**999 para sa naka-fix na serbisyo; 999 o 112 para sa serbisyong mobile**) at mga katanungan sa direktoryo (**1081** para sa mga nagsasalita ng English; **1083** para sa mga nagsasalita ng Cantonese; **1088** para sa mga nagsasalita ng Putonghua) ay walang bayad

Wi-Fi

Ang akses sa mga libreng pampublikong Wi-Fi Internet ay makukuha rin sa mga itinalagang lugar ng pamahalaan tulad ng sa mga pampublikong aklatan at mga lugar ng sports. Upang makakonekta sa mga serbisyong Wi-Fi ng pamahalaan, kailangan ninyo ng isang compatible na Wi-Fi device o smartphone na may gumaganang Wi-Fi. Walang iniaatas na rehistrasyon ng gumagamit sa paggamit ng mga serbisyo pero ang bawat koneksyon ay magkakaroon ng bandwidth at kontrolado ang panahon ng paggamit. Maraming mga pribadong lugar tulad ng mga restoran, café at mga shopping mall ang nagkakaloob din ng libreng serbisyong Wi-Fi sa mga mamimili at mga kustomer pero maaaring hingan sila ng user registration o password.

Mga internasyonal na tawag

Ang mga Internasyonal na tawag ay maaaring gawin mula Hong Kong tungo sa halos lahat ng bansa at mga rehiyon sa buong mundo; at sa halos lahat ng lungsod at mga bayan sa Mainland China. Maaari kang gumamit ng mga serbisyong internasyonal na direktang pag-dial (IDD) para sa tawag mula Hong Kong at pagtawag sa Hong Kong mula sa ibang mga bansa.

Gayundin, lahat ng mga operator ng mobile sa Hong Kong ay nag-aalok ng internasyonal na serbisyo ng roaming. Bago ka pumunta sa Hong Kong, maaari kang mag-subscribe sa internasyonal na serbisyo ng roaming na inaalok ng mga operator sa iyong sariling bansa (kung sila ay may mga kasosyo sa Hong Kong). Makakagamit ka na ng lokal at internasyonal na tawag sa Hong Kong gamit ang iyong mobile na telepono. Ang serbisyong ito ay sasailalim sa singil ng operator sa roaming sa iyong sariling bansa..

Maaari kang pumili ng bibilhing internasyonal na calling card para sa mga tawag sa ibang mga bansa (kabilang ang iyong sariling bansa). Ang uri ng calling card na ito ay karaniwang mabibili sa mga retail shop ng mga operator ng lokal na mobile at mga convenience store.

Karagdagan pa sa pagtawag sa alinmang mga naka-fix na linya ng telepono o mobile na telepono, maaari kang gumamit ng mga barya, mga calling card o mga credit card sa payphone.

Mga madalas gamiting IDD code

Country Code of Bangladesh			880
Country Code of India			91
Bombay (Mumbai)	22	Calcutta (Kolkatta)	33
Madras (Chennai)	44	New Delhi	11
Country Code of Indonesia			62
Bandung	22	Denpasar (Bali)	36
Jakarta	21	Semarang	24
Surabaya	31		
Country Code of Nepal			977
Country Code of Pakistan			92
Islamabad	51	Karachi	21
Lahore	42	Multan	61
Sukkur	71		
Country Code of Philippines			63
Angeles	455	Bacolod	34
Baguio	74	Cebu	32
Davao	82	Iloilo	33
Makati	2	Manila	2
Country Code of Sri Lanka			94
Colombo	11		
Country Code of Thailand			66
Bangkok	2	Chiang Mai	53
Hua Hin	32	Pattaya	38
Phuket	76		